| Aralin 19 | الدرس التاسع عشر |
| --- | --- |

## Ang Katarungan Niya (SAS)

Tungkol naman sa katarungan, ito ay nakakapit na sa sarili niya sa panahon ng pananatili niya at paglalakbay niya. Siya ay makatarungan sa pakikitungo niya sa Panginoon niya, makata-rungan sa pakikitungo niya sa sarili niya, makatarungan sa paki-kitungo niya sa mga maybahay niya, at makatarungan sa pakiki-tungo niya sa kapwa: maging sa isang kaanak o isang di-kaanu-ano, isang kasamahan o isang kaibigan, maging sa isang sumasang-ayon o isang sumasalungat, pati na ang kaaway na nagmamalaki. Lahat ay may bahagi sa katarungan niya. Tinutulan siya ng mga tao at nilalabag ang karapatan niya ng mga tao, ngunit hindi niya tinatalikuran ang katarungan. Siya ay nasusuklam din na magtangi-tangi sa mga Kasamahan niya. Bagkus iniibig niya ang katarungan at ang pagkakapantay-pantay. Pinapasan niya ang mga hirap at ang mga pagod tulad nila. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA) na nagsabi: “Kami noong araw ng [labanan sa] Badr ay nakasakay ang [isa sa] bawat tatlo sa isang kamelyo. Sina Abú Lubábah, ‘Alíy ibnu Abí Tálib ay mga kasama ng Sugo ni Allah (SAS).” Sinabi pa niya: “Kaya noong dumating ang pagkakataon ng Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi sila: Kami naman ang maglalakad at ang sasakay ay ikaw. Sinabi niya: ***Kayo ay hindi higit na malakas kaysa sa akin, at ako ay hindi higit na walang pangangailangan sa gan-timpala [ni Allah] kaysa sa inyo.***”

Samantalang si Usayd ibnu Hudayr ay nakikipagbiruan sa mga tao at nagpapatawa sa kanila ay sinundot siya ng Propeta sa baywang niya ng isang patpat kaya nagsabi si Usayd: “Sinaktan mo ako, kaya hayaan mong makaganti ako sa iyo.” Kaya sinabi niya: ***“Gumanti ka.”*** Nagsabi si Usayd: “Tunay na tungkulin mo na magbigay ng isang kamisa at wala akong kamisa.” Kaya inangat ng Propeta (SAS) ang kamisa niya at niyapos naman siya ni Usayd at nagsimula itong humalik sa pagitan ng baywang at tadyang at nagsabi: “Ninais ko lamang ito, o Sugo ni Allah.

Siya ay hindi nalulugod na ipawalang-saysay ang mga batas ni Allah na isinabatas Niya upang isagawa ang katarungan sa pagi-tan ng mga tao, kahit pa man ang salarin ay kabilang sa mga kaa-nak niya at mga minamahal niya. Sa kaso ng babaing kabilang sa liping Makhzúm na nagnakaw ay hindi niya tinanggap ang pamamagitan ni Usámah [ibnu Zayd] at sinabi niya ang tanyag na kasabihan niya: ***“O mga tao, nilipol lamang ang mga nauna sa inyo dahil sila noon, kapag nagnakaw sa kanila ang maharlika, ay nagwa-walang-bahala roon at kapag naman nagnakaw sa kanila ang mahina ay ipinatutupad nila roon ang batas. Sumpa man kay Allah, kung sakaling si Fátimah na anak ni Muhammad ay nagnakaw, talagang puputulin ko ang kamay niya.”***